BUOD NG DRAFT NA PAGGAWA NG TUNTUNIN

Regulasyon 12: Iba't ibang Pamantayan ng Pagganap, Tuntunin 15: Pagsusubaybay sa Mga Emisyon ng Refining

Regulasyon 12: Iba't ibang Pamantayan ng Pagganap, Tuntunin 17: Pagsubaybay sa Hangin sa Buong Paligid ng Lugar ng Mga Refinery at Mga Kaugnay na Pasilidad

Bay Area Air District

Nobyembre 2026

Tungkol sa Distrito ng Hangin ng Bay Area

Ginawa ng Lehislatura ng California ang Distrito ng Hangin noong 1955 bilang unang panrehiyong ahensiya sa pagkontrol ng polusyon sa hangin sa bansa. Inatasan ang Distrito ng Hangin na kontrolin ang mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa siyam na county na nakapaligid sa San Francisco Bay: Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog-kanlurang Solano, at katimugang mga county ng Sonoma. Ito ay pinapamahalaan ng Lupon ng Mga Direktor na may 24 na miyembro na binubuo ng mga lokal na inihalal na opisyal mula sa bawat isa sa siyam na county ng Bay Area.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Daniel Oliver
Sangay sa Pagbuo ng Regulasyon
Distrito ng Hangin ng Bay Area
(415) 749-4730 | doliver@baaqmd.gov

o Bisitahin ang

https://www.baaqmd.gov/

@AirDistrict

Bay Area Air District

Bay Area Air District

bayareaairdistrict

BACKGROUND AT BUOD NG DRAFT NA PAGGAWA NG TUNTUNIN

Ang mga refinery at mga nauugnay na pasilidad na sumusuporta sa mga operasyon ng pagdalisay ay kabilang sa mga pinakamalalaking nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa Bay Area. Naglalabas ang mga ito ng iba't ibang uri ng polusyon sa hangin, kabilang ang mga pamantayan sa nagpaparumi, mga madaling mawala na organikong timplada (volatile organic compound, VOC), gas na mga nakakalasong nakakakontamina sa hangin, at mga nakakalason na metal sa hangin, bukod sa iba pa. Dahil dito, pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ang Regulasyon 12: Iba't ibang Pamantayan ng Pagganap, Tuntunin 15: Pagsusubaybay sa Mga Emisyon ng Pagdalisay (Tuntunin 12-15) noong 2016 para makamit ang tatlong pangunahing layunin. Gaya ng nakasaad sa pinal na ulat ng kawani para sa Tuntunin 12-15, ang mga layuning iyon ay para:

1. Pahusayin ang real-time na pagsubaybay sa mga emisyon sa buong paligid ng lugar ng refinery para matugunan ang mga alalahanin ng publiko tungkol sa mga epekto sa kalusugan sa partikular na lugar;
2. Tukuyin nang wasto at nang buo ang mga emisyon ng nagpaparumi sa hangin (pamantayan, nakakalason, at greenhouse gas) mula sa lahat ng emisyon na may kaugnayan sa refinery sa tuloy-tuloy na paraan para malaman kung kinakailangan ng karagdagang pagbuo ng panuntunan para lalo pang mabawasan ang mga emisyon; at
3. Subaybayan ang mga pagbabago sa halo ng krudo ng refinery para masuri kung ang mga pagbabagong iyon ay nagreresulta sa nadagdagang mga emisyon.

Mula noong pinagtibay ang Tuntunin 12-15, nagbago ang mga kinakailangan ng regulasyon sa buong estado, at ang karanasan ng Distrito ng Hangin sa pangangasiwa ng mga programa sa pagsubaybay sa hangin sa buong paligid ng lugar at mga programa sa imbentaryo ng mga emisyon. Kaya, sinimulan ng Distrito ng Hangin ang paggawa ng tuntunin para isaalang-alang ang mga pagbabagong ito. Sa ilalim ng pamamaraang kasalukuyang isinasaalang-alang para imungkahi sa Lupon, papalitan ng Distrito ng Hangin ang mga kinakailangan sa pagsubaybay sa hangin sa buong paligid ng lugar sa Tuntunin 12-15 sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa tuntuning iyon at kasabay nito ay pagtitibayin ang isang bago at nakalaang tuntunin sa pagsubaybay sa hangin sa buong paligid ng lugar (na tutukuyin bilang Tuntunin 12-17). Hindi imumungkahi sa ngayon ang isang bago o binagong tuntunin na papalit sa mga kinakailangan sa imbentaryo ng mga emisyon ng Tuntunin 12-15, dahil aasa ang Distrito ng Hangin sa awtoridad sa ilalim kamakailan at mas mahigpit na mga kinakailangan sa buong estado para sa pagbuo ng mga imbentaryo ng emisyon, kabilang ang Regulasyon para sa Pag-uulat ng Mga Pamantayan sa mga Nagpaparumi sa Hangin at Nakakalasong Nagkokontamina sa Hangin (Regulasyon ng Pag-uulat ng Criteria at Mga Nakakalason (Criteria and Toxics Reporting, CTR)) ng Lupon ng Mga Mapagkukunan sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) at ang Regulasyon nito para sa Mandatoryong Pag-uulat (Mandatory Reporting Regulation, MRR) ng Mga Emisyon ng Greenhouse Gas. Gayundin, sa halip na magmungkahi ng bago o binagong panuntunan para palitan ang mga kinakailangan ng Tuntunin 12-15 sa pag-uulat ng halo ng krudo, aasa ang Distrito ng Hangin sa MRR ng CARB at iba pang paraan para masuri ang mga pagbabago sa mga emisyon ng refinery.

Bumuo ang Distrito ng Hangin ng paunang ulat ng kawani na nagbibigay ng mga pangunahing impormasyon, konteksto ng regulasyon, at detalyadong paglalarawan ng mga aksyon sa draft na paggawa ng tuntunin para sa Mga Tuntunin 12-15 at 12-17. Humihingi ng mga komento ang mga kawani ng Distrito ng Hangin tungkol sa paunang ulat ng mga kawani at nauugnay na mga salita sa tuntunin, at isasaalang-alang ang lahat ng input na matatanggap sa panahon ng pampublikong komento para mas mapabuti ang mga aksyon na ito sa paggawa ng tuntunin. Pagkatapos nito, ihahanda ng mga kawani ang mga salita sa iminumungkahing tuntunin at ang kasamang ulat ng mga kawani, pati na rin ang iba pang sumusuportang dokumento, para sa karagdagang pagsusuri at komento. Ang mga pinal na materyales na ito ay ipepresenta sa isang pampublikong pagdinig, kung saan inaasahan ng mga kawani na isumite ang mga pagbabago sa iminumungkahing tuntunin para sa pagsasaalang-alang at posibleng pagpapatibay ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin.

PROSESO NG PAGBUO NG TUNTUNIN

Nagsagawa ang Distrito ng Hangin ng maraming yugto at pampublikong proseso para masuri ang mga posibleng pagbabago sa mga kinakailangan na kasalukuyang kasama sa Tuntunin 12-15 at para mabuo ang Tuntunin 12-17. Ang prosesong ito ay nilalayong magbigay ng makabuluhang mga oportunidad para sa pakikibahagi ng apektado, matiyak ang transparency tungkol sa posibleng mga pagbabago sa regulasyon, at maging gabay sa pagbuo ng mga kinakailangan sa iminumungkahing panuntunan na teknikal na posible, maipapatupad, at mabisa sa pagtugon sa mga layunin ng Distrito ng Hangin para sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan. Sa kasalukuyan, ang pagbuo ng tuntunin ay nasa “Yugto ng Draft na Tuntunin,” gaya ng tinatalakay sa ibaba.

Yugto ng Maagang Pakikibahagi

Ang unang yugto ng pagbuo ng tuntunin ay nakatuon sa maagang pakikibahagi ng apektado at pangangalap ng impormasyon. Sa yugtong ito, naglabas ang mga kawani ng Distrito ng Hangin ng dokumento ng konsepto na naglalarawan ng mga posibleng paraan para i-update ang mga kinakailangan sa pagsubaybay sa hangin, pag-uulat ng mga emisyon, at pagsubaybay sa halo ng krudo na may kaugnayan sa refinery. Tinanggap ng Distrito ng Hangin ang mga komento ng publiko sa dokumento ng konsepto mula Pebrero 24, 2026, hanggang Abril 30, 2026.

Dagdag pa sa paglalabas ng dokumento ng konsepto, nakibahagi rin ang mga kawani ng Distrito ng Hangin sa iba't ibang apektado sa inisyal na yugtong ito. Kasama sa pakikipag-ugnayan na ito ang mga talakayan sa Teknikal na Nagtatrabahong Grupo sa Refinery ng Distrito ng Hangin, grupo ng apektado sa komunidad na nakikipagpulong sa Distrito ng Hangin nang dalawang beses sa isang buwan para talakayin ang mga isyung may kaugnayan sa refinery, at maliit na grupo ng mga organisasyon at miyembro ng komunidad na may partikular na interes at kaalaman sa pagsubaybay sa hangin sa buong paligid ng lugar. Sama-sama, ang mga talakayang ito at ang dokumento ng konsepto ay nagbigay ng pagkakataon sa mga apektado na tukuyin ang kanilang mga priyoridad, sabihin ang mga alalahanin, at magbigay ng teknikal na impormasyon tungkol sa mga posibleng paraan ng regulasyon. Ang mga feedback na natanggap sa yugtong ito ay nakatulong sa pagsusuri ng mga kawani sa iba't ibang opsyon sa regulasyon at sa pagbuo ng mga konsepto ng draft na tuntunin.

Yugto ng Draft na Tuntunin

Ang pangalawang yugto ng prosesong ito sa pagbuo ng tuntunin ay kinabibilangan ng pagbuo at pagrepaso ng publiko sa mga salita ng regulasyon at paunang ulat ng kawani. Ang layunin ng yugtong ito ng proseso ay bigyan ang mga apektado ng pagkakataong suriin ang partikular na salita sa regulasyon na isinasalang-alang, at magbigay ng input bago imungkahi ang tuntunin sa Lupon ng Distrito ng Hangin para sa isaalang-alang na pagtibayin.

Sa kasalukuyang yugtong ito, ipinresenta ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang pangkalahatang-ideya ng posibleng pamamaraan sa paggawa ng tuntunin sa pulong ng Komite ng Nakapirming Pinagmumulan noong Hulyo 8, 2026. Maaaring magsagawa ang mga kawani ng Distrito ng Hangin ng mga pampublikong workshop at karagdagang pagpupulong ng apektado o iba pang aktibidad sa outreach para maipaliwanag ang mga kinakailangan sa draft, masagot ang mga tanong, at humingi ng karagdagang feedback. Ginagawang available ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang mga salita sa draft na tuntunin at ang paunang ulat ng mga kawani para sa pampublikong feedback. Ang mga komentong natanggap sa panahon ng yugto ng draft na tuntunin ay susuriin at maaaring magresulta sa pagbabago sa salita sa draft na tutunin, mga sumusuportang pagsusuri, o pagpapatupad ng mga paraan.

Yugto ng Iminumungkahing Tuntunin

Kasunod ng pagsasaalang-alang ng mga komentong natanggap sa yugto ng draft na tuntunin, maghahanda ang mga kawani ng Distrito ng Hangin ng package ng iminumungkahing tuntunin para sa pormal na pampublikong pagrepaso at pagsasaalang-alang ng Lupon. Ang package ng iminumungkahing tuntunin ay magpapakita ng inirerekomendang paraan sa regulasyon ng mga kawani, at kasama rito ang anumang pagbabagong ginawa bilang tugon sa input ng apektado, mga teknikal na pagsusuri, o iba pang impormasyong nabuo sa proseso ng paggawa ng tuntunin.

Kasama sa package ng iminumungkahing tuntunin ang iminumungkahing salita sa regulasyon, ulat ng mga kawani, pagsusuri sa panlipunan at pang-ekonomikong kalagayan ng iminumungkahing aksyon sa regulasyon, naaangkop na dokumentasyon ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA), at anumang karagdagang sumusuportang dokumento, at ilalabas ito bago ang pampublikong pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin. Sa tinukoy na panahon ng komento, magkakaroon ng pagkakataon ang mga apektado na magsumite ng mga komento nang nakasulat o nang pasalita sa isang pampublikong pagdinig sa pagpupulong ng Lupon. Kasunod ng deliberasyon, maaaring pagtibayin ng Lupon ang iminumungkahing tuntunin o iutos sa mga kawani na gumawa ng mga karagdagang pagbabago.

MAKIPAG-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Para sa impormasyon tungkol sa package ng draft na tuntunin, mangyaring mag-email sa ruledevelopment@baaqmd.gov o tumawag sa (415) 749-4653. Para sa pangkalahatang impormasyon at mga update tungkol sa proseso ng pagbuo ng tuntunin para sa Mga Tuntunin 12-15 o 12-17, bisitahin ang web page ng Distrito ng Hangin para sa Mga Tuntuning Ginagawa Pa

Lang o mag-subscribe sa listahan ng pamamahagi ng email ng *Mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito ng Hangin*.

For more information or to request language access assistance or any other accommodations for accessibility, please contact the Air District Non-Discrimination Coordinator - Kimberly Leefatt, Civil Rights Officer by phone at 415-749-4610 or by email at non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.

Para obtener más información o para solicitar asistencia de acceso con el idioma o cualquier otra adaptación de accesibilidad, comuníquese con la coordinadora de acciones contra la discriminación del Distrito de Aire, Kimberly Leefatt, Oficial de Derechos Civiles, por teléfono al 415-749-4610 o por correo electrónico a non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.

如需了解更多資訊、申請語言協助或其他無障礙服務，請聯絡空氣局反歧視協調員 Kimberly Leefatt 民權官，電話為 415-749-4610，或電子郵件 non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.

Para sa karagdagang impormasyon o para humiling ng tulong sa pag-access sa wika o anumang iba pang mga akomodasyon para sa aksesibilidad, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Walang Diskriminasyon sa Distrito ng Hangin – Kimberly Leefatt, Opisyal ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono sa 415-749-4610 o sa pamamagitan ng email sa non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.

Để biết thêm thông tin hoặc yêu cầu hỗ trợ tiếp cận ngôn ngữ hoặc bất kỳ hỗ trợ đặc biệt nào khác cho người khuyết tật, vui lòng liên hệ với Điều Phối Viên Chống Phân Biệt Đối Xử của Địa Hạt Không Khí - Kimberly Leefatt, Viên Chức Dân Quyền - qua điện thoại số 415-749-4610 hoặc qua email tại non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.